**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 17, 247-262

# Ang babae bilang haligi ng tahanan: Femistang pagsilip sa mga tulang makababae sa panitikang Filipino




Guzman, Rodel ✉
*Isabela State University, Philippines (rodel.b.guzman@isu.edu.ph)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

**Received**: 1 June 2026 **Revised**: 19 July 2026 **Accepted**: 21 July 2026
**Available Online**: 23 July 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26311

***Abstract***

In traditional Filipino society, husbands have long been designated as the haligi ng tahanan (pillar of the home), expected to serve as primary breadwinners. However, socio-economic shifts have produced an increasing number of families where women assume the role of primary provider. This descriptive-qualitative study examines the lived experiences of female Overseas Filipino Workers (OFWs) depicted in literature, analyzing selected poems by Ruth Elynia S. Mabanglo through a feminist framework. The analysis reveals that financial precarity forces Filipinas into overseas employment, where they frequently endure severe challenges, including labor exploitation, sexual abuse, and profound isolation. Despite these vulnerabilities, their resilience persists, driven by a commitment to their families' welfare. Furthermore, Mabanglo’s poetry underscores a critical shift in female agency, showcasing how contemporary Filipino women actively drive both household survival and national economic development. Ultimately, this study demonstrates the potency of Mabanglo’s literary works as rich sites for feminist inquiry and textual analysis on female migration.

***Keywords:*** literary criticism, feminism, Overseas Filipino Worker, Filipino literature

© The Author(s) / Attribution CC BY

# Ang babae bilang haligi ng tahanan: Femistang pagsilip sa mga tulang makababae sa panitikang Filipino


## 1. Abstrak

Sa tradisyonal na lipunang Pilipino, nakagisnan nang kilalanin ang ama bilang "haligi ng tahanan" na inaasahang magtataguyod sa pangunahing pangangailangan ng pamilya, lalo na sa usaping pampinansyal. Bagamat pinalalalim ng pananaw na ito ang nakasanayang gampaning pangkasarian, patuloy na lumalabas ang isang makabuluhang pagbabago sa estruktura ng pamilyang Pilipino: ang pag-usbong ng kababaihan bilang pangunahing tagapagtaguyod. Ginamit sa kwalitatibo at deskriptibong pag-aaral na ito ang lente ng feminismo upang suriin at ilarawan ang mga karanasan ng mga babaeng Overseas Filipino Worker (OFW) sa mga piling tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo. Lumabas sa pagsusuri na ang kagipitang pampinansyal ang pangunahing nagtutulak sa kababaihan upang mangibang-bansa—isang desisyong naglalantad sa kanila sa iba't ibang anyo ng dusa tulad ng pang-aabusong sekswal, matinding kalungkutan, at pangungulila sa pamilya. Sa kabila ng mga banta at suliraning ito, nananatili ang kanilang paninindigan alang-alang sa kapakanan ng kanilang mga mahal sa buhay. Binibigyang-diin sa panulaan ni Mabanglo na ang migrasyon ng kababaihan ay hindi lamang usapin ng pangkaligtasang pampamilya, kundi isang aktibong pakikibaka ng kababaihang Pilipino upang makapag-ambag sa pambansang kaunlaran. Bilang konklusyon, iminumungkahi ang pagtatampok sa mga ganitong akdang pampanitikan sa silid-aralan upang magsilbing lunsaran sa pagpapalawak ng kamalayang panlipunan, pagtataguyod ng karapatan ng kababaihan, at pagbabalangkas ng mga programang tunay na mag-aangat sa kanilang kalagayan.


***Mahahalagang salita:*** feminismo, panunuring pampanitikan, Panitikang Filipino, Overseas Filipino Workers

## 2. Introduction

***Ang Halaga ng Panunuring Pampanitikan sa Edukasyon -*** Pinaniniwalaang ang panitikan ay isang uri ng panlipunan kasaysayan. Dito, naitatala sa malikhaing paraan ang karanasan, saloobin at pananaw ng manunulat at/o mamamayan tungkol sa lipunan, kultura, pamayanan, bansa at mundong kinabibilangan. Matapat na itinatala ng panitikan sa iba't ibang panahon ang iba't ibang mahahalagang pangyayari, impormasyon at mahahalagang paksang kinasasangkutan ng iba't ibang miyembro ng lipunan. Sa panitikan, nakikilala at nasusuri ang kultura, mga isyung panlipunan, pwersang nagbabanggaan, masalimoot na kabiguan at masayang pagtatagumpay ng isang lipi sa iba't ibang bahagi ng kasaysayan nito. Sa pamamagitan ng panitikan, naitatala ang makabuluhan at di-magagandang karanasan at katangian ng lipunan na nagsisilbing lunsaran ng lipunang hinahangad ng susunod na henerasyon.

Ang panitikan ay pagpapahayag ng mga damdamin ng tao hinggil sa mga bagay-bagay sa daigdig, sa pamumuhay, sa lipunan at pamahalaan, at sa kaugnayan ng kaluluwa sa Bathalang lumikha. Ang paraan ng pagpapahayag ay iniaayos sa iba't iba niyang karanasan at lagay ng kalooban at kaluluwa, na nababalot ng pag-ibig o pagkapoot, ligaya o lungkot, pag-asa o pangamba (Panganiban et al., 2010). Binigyang kahulugan ni Arogante (2012) ang panitikan bilang talaan ng buhay sapagkat dito naisisiwalat ng tao sa malikhaing paraan ang kulay ng kanyang buhay, ang buhay ng kanyang daigdig, ang daigdig na kanyang kinabibilangan at pinapangarap. Ayon kay Villafuerte (2009), napakahalaga ng panitikan ng isang bansa. Ito ang dahilan kung bakit isinama ang pag-aaral nito sa kurikulum ng lahat ng antas ng pag-aaral. Ang pag-aaral sa panitikan ay nakapagdudulot ng pagkilala sa sarili bilang Pilipino at maunawaan ang minanang yaman at talinong taglay ng pinagmulan.

***Ang Bababe sa Lipunang Pilipino -*** Mahalaga ang kababaihan sa pagbubuo ng maunlad, mapayapa at may pananampalatayang komunidad o lipunan (Acala, 2026; Jose, 2012). Sa pamilyang Pilipino, nakaatang sa mga babae ang responsbilidad ng pangangalaga sa kalusugan ng pamilya, kabilang ang pagdisiplina sa mga anak at pagbibigay ng suporta sa kanyang asawa. Bago pa man dumating ang mga mananakop sa Pilipinas, ang mga babae

ay mayroong mataas na mga katungkulan sa komunidad bilang mga gabay, manggagamot at tagapag-ugnay ng pisikal at espiritwal na mundo at ng kasalukuyan at hinaharap na panahon (Aguya, 2013, Liwanag et al., 2024) at kapantay ng mga lalaki sa anomang usapin sa tahanan at komunidad (Macawili, 2020, Tugano, 2017).

Nang dumating ang mga mananakop, ang mataas na kalagayang panlipunan ng mga babae ay nagbago. Pinalitan ng makalalaking padron ang lipunang Pilipino. Ang mga babaeng may matatayog na kalagayan sa Pilipinas ay iwinaksi at pinalitan ng makapangyarihang mga pinuno ng simbahan, padre de pamilya, at iba pa. Ang ganitong kalagayan ay maaaninag pa rin hanggang sa kasalukuyang panahon. Bagaman, may mga babaeng patuloy na kinikilala sa kanilang kontribusyon, malaking bahagi ng populasyon ng mga babae ang patuloy na nakikibaka upang igiit ang kanilang mga karapatan at espasyo sa makalalaking lipunang Pilipino. Mula rin noon, ang mga babae ay nagsisilbi ring mga *breadwinner* ng pamilya. Sila ang tumutustos sa pangangailangan ng asawa, mga anak, kapatid, magulang at ng buong komunidad. Hindi na rin isang kakatwang tanawin ang mga babaeng nagtutungo sa ibayong-dagat upang maghanap ng trabahong mayroong mas malaking kita. Ito ay sa layuning higit na matugunan ang pangangailangan ng pamilya. Nagtitiis sila ng gutom, mga sakit at kulungkutan para lamang matustusan ang pangangailan ng iniwang mga mahal sa Pilipinas. Mahalaga kung gayon na suriin gamit ang iba't ibang lente ng pagsusuri tulad ng paglitaw ng mga karanasan ng mga babae sa Panitikang Filipino.

***Feminismo bilang Dulog sa Pagsusuri* -** Ayon kay Camba (2012), bagaman ang panitikang Pilipino ay tradisyunal na pasalita at pambayan o komyunal, malaking bahagi ng kasaysayan ng panitikang Pilipino ay nakasalig sa mga lalaki. Nagsimula ito sa edukasyong eksklusibong panlalaki noong panahon ng Kastila at nagtuloy-tuloy ito hanggang sa kasalukuyang panahon. Kung susumahin ang mga parangal ukol sa panitikan mula 1972, iisang babae pa lamang ang nanalo at karamihan sa mga kilalang manunulat ay mga lalaki. Bagaman, kakaunti ang mga babaeng manunulat, matapat namang inilalahad ng mga babaeng ito ang karanasan at pakikipagsapalaran ng mga babae sa lipunang makalalaki. Matapat at masining na inilalahad ng mga manunulat na ito ang mga babae sa iba't ibang aspeto tulad kalagayagang panlipunan, pang-ekonomiko, pang-edukasyon at iba. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akdang may pagkiling sa karanasan at pananaw ng mga babae ay makatutulong kung gayon upang higit na mapalitaw at maunawaan ang mga ipinalalaban at pakikipagsapalaran ng mga babae.

Karaniwang ginagamit sa pagsusuri ng karanasan ng mga babae na pinalilitaw sa panitikan ang feminismo. Nagsimula ang teoryang ito sa pananaw na ang mga babae ay dumaranas ng matinding diskriminasyong politikal, ekonomikal, at panlipunan dahil sa kanilang kasarian (Nkansah, 2023). Dahil dito, itinatampok ng teoryang ito ang masalimoot na pakikipagsapalaran ng mga babae upang matamo ang kalayaan inaasam at magkaroon ng espasyo sa lipunang kinabibilangan. Ang espasyong ito ang magbibigay sa kanila ng kalayaang hubugin ang kaalaman at kasanayang taglay nila at maging lider sa mga eryang mapipili nila (Padiwan, 2025, Viacrucis, 2024). Sa teoryang ito, sinusuri ang papel na ginagampanan ng mga babae sa pagpapalaganap ng mga prinsipyo, ideyolohiya at kaisipan buhat sa kanilang mahabang pakikipagsapalaran sa lipunang makalalaki. Dahil dito, makabuluhan ang pagsusuri sa iba't ibang akdang pampanitikan gamit ang lente ng feminismo.

***Layunin ng Pananaliksik* -** Sa malaganap na mga isyu at suliraning kinakaharap ng mga babaeng Pilipino sa pamilya, komunidad at sa kabuuan ng lipunang kanilang kinabibilangan, makabuluhang makaambag sa diskurso ng feminismo lalo na sa aspeto ng edukasyon. Ang mga ganitong gawain ay magbubunga ng higit na pagkilala sa pakikipagsapalaran ng mga babae bilang miyembro ng masalimoot na lipunang Pilipino. Bukod pa rito, magkakaroon ng mas malinaw na pagtanaw ang mga mag-aaral na Pilipino tungo sa pagbubuo ng higit na ideyal at makatarungang lipunan para sa lahat, anomang kasarian mayroong ang bawat Pilipino.

Partikular na nilayon ng pananaliksik na ito ang sumusunod:

- Isa-isahin ang mga karanasan at pakikipagsapalaran ng mga babae ang inilalahad sa piling tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo.
- Tiyakin ang estado o kalagayang panlipunan ng mga babae ang inilalahad sa piling tula ni Ruth Elynia

S. Mabanglo.

- Suriin ang mga papapahalagang panlipunan ang pinalilitaw sa piling tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo.

## 3. Metodolohiya

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Kwalitatibong palarawan ang pangunahing disenyo ng pananaliksik batay sa mga pamantayan sa pagsasagawa ng panunuring pampanitikan gamit ang dulog na feminismo. Ang palarawan o deskriptibo bilang disenyo ng pananaliksik ay naglalayong magbigay ng angkop na mga deskripsiyon ng datos batay sa kasalukuyan at naoobserbahang katangian nito. Sa pag-aaral na ito, sinikap na ilarawan ang mga karanasan, pakikipagsapalaran, at kalagayang panlipunan ng mga babae sa piling tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo. Gayundin, sinikap ding ilarawan ang iba't ibang pagpapahalagang panlipunang lumitaw sa piling tula sa layuning masuri ito bilang repleksiyon ng pagpapahalaga ng lipunang Pilipino at mga babaeng Pilipino.

***Instrumento sa Pananaliksik -*** Ginamit sa pananaliksik na ito ang mga nalikom na akda ni Ruth Elynia Mabanglo na sinuri at binigyan ng interpretasyon. Sampong (10) tula ang sinuri sa pananaliksik na ito. Ito ang mga sumusunod: Liham ni Pinay mula sa Singapore, Liham ni Pinay mula sa Kuwait, Liham ni Pinay mula sa Japan, Liham ni Pinay mula sa Brunei, Liham ni Pinay mula sa Australia, Liham ni Pinay mula sa Hongkong, Awit ni Apolinaria, Sa Amerika, Pinay sa Sydney Airport, Ako sa Ibang Bansa. Nalikom ang mga impormasyon o datos, gamit ang pagsusuri ng mga piling akda sa teoryang pampanitikang tumutukoy sa punto de vista ng mga babae. Ang teoryang feminismo ay tumutukoy sa prinsipiyo o paniniwalang dapat maging pantay ang mga babae at mga lalaki sa pagtamasa ng mga karapatang sosyal, ekonomiko, politikal at iba pang aspeto ng lipunan. Layunin nito ang maunawaan ang di pagpakapantay-pantay ng mga lalaki at mga babae. Tinukoy rin kung ano-ano ang mga pagpapahalaga panlipunan ang litaw sa mga sinuring tula ni Ruth Elynia Mabanglo. Sa pagpili ng akdang sinuri, isinaalang-alang ang punto ng paglalahad ni Mabanglo. Bagaman kilala si Mabanglo sa iba't ibang akdang pampanitikan, minarapat na ang kanyang mga akdang tumatalakay sa karanasan at pakikipagsapalaran ng mga babae ang pinili. Pinili rin ang mga tula ni Mabanglo na kapwa tumatalakay sa mga babaeng Overseas Filipino Worker (OWF) upang matiyak ang pagkakatulad ng karanasan ng mga persona sa kanyang tula. Dagdag pa rito, tinayak sa simula ng pananaliksik na ang mga akdang ito ay bahagi ng public domain at walang *copyright issue.*

***Pagsusuri ng Datos -*** *Content analysis* at *thematic analysis* ang mga naging pangunahing estratehiya sa pagpoproseso at pagsusuri sa sampong tula ni Mabanglo. Bilang paunang bahagi, paulit-ulit na binasa ang mga akda at itinala ang mga paulit-ulit na mga pahayag, pananaw at karanasan. Makalipas nito, igrinupo ang mga ito upang makabuo ng mga panimulang *codes.* Mula dito ay bumuo ng iba't ibang tema na naging pundasyon ng pagsusuri at paglakay sa layunin ng pananaliksik. Upang matiyak ang kawastuhan ng *coding* at mga temang nabuo, ang resulta ng pagsusuri ay ipinabasa sa tatlong eksperto sa *thematic analysis,* at guro sa Panitikang Filipino. Makalipas ng prosesong ito ay nagkaroon ng mga pagsasaayos sa resulta ng pagsusuri batay sa naging mga puna at rekomendasyon ng mga ekspertong kinasangguni.

## 4. Resulta at Talakayan

### *4.1 Ang mga Karanasan at Pagkikipagsapalaran ng mga Babae sa Piling Tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo*

Ang mga sumusunod ay mga karanasan at pakikipagsapalaran ng mga babae sa mga tula ni Mabanglo:

**Pangingibang-bansa.** Malinaw na nailahad mula sa mga tula ni Mabanglo na ang mga personang babae o si "Pinay" ay nagtungo sa ibang bansa sa iba't ibang kadahilanan gaya ng pag-ahon sa kahirapan, mataas na pangarap sa sarili at pamilya at paghahanap ng pag-ibig. Makikita at mapatutunayan ito mula sa mga sumusunod na saknong sa mga tula:

*Salamat, salamat, may ateng nanalig,*
*Pinamuhunanan ang sayaw ko't awit.*

*Umaga't hapon ako'y nagpraktis.*
*Nang pumasa agad sa unang kaliskis.*
*Lalampas ang byuti ko sa lahat ng rotunda*
*Paglapag na paglapag sa bayan ng Yakuza.*

*Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Japan*

Mula sa unang saknong, makikitang ang mga babae sa tula ay nagpunta sa ibang bansa. Sa unang linya mauunawaang ang persona ay magaling sumayaw at umawit na siyang inaasahan nitong puhunan sa pangingibang-bansa dagdag pa ang taglay na kagandahan nito na kailangan sa kanyang papasukang trabaho sa Japan bilang isang Japayuki o entertainer. Ayon sa pananaliksik nina Ragma at Molina (2018), ang karaniwang dahilan ng pangingibang bansa ng mga Pilipino ay ang kahirapan, kawalan ng trabaho at mababang sahod, diskriminasyon (dahil sa kultura ng "padrino system"), upang mahasa ang propesyon at kuryusidad.

Mula sa talaan ng Philippine Statistics Authority (2020), sa resulta ng 2019 Survey on Overseas Filipinos, tinatayang mayroon ng 2.2 milyon ang bilang ng mga OFW mula Abril hanggang Setyembre 2019, 96.8 % rito ang nasa kasalukuyang nasa kontrata at 3.2 % naman ang mga hindi nabilang. Ang porsyento rito ng babaeng OFW ay 56 % samantalang sa mga lalaki ay 44 % lamang. Ibig sabihin nito, mas maraming mga babae ang nagtutungo sa ibang bansa upang magtrabaho kaysa sa mga lalaki. Mula nga sa balita ni Bernardo (2018), mas marami ang bilang ng mga babaeng overseas Filipino worker sa kasalukuyan kaysa sa mga lalaki. Binigyan ito ng pagpapaliwanag ni Dr. Naomi Hosoda na sinabing resulta ito ng mga pagbabago sa kalagayang pang-ekonomiya ng ating bansa sa pagitan ng babae at lalaki. Bagaman kinikilalang ang lalaki ang haligi ng tahanan ay nabibigyan din ng pagkakataon ang mga babae na tumulong upang matugunan ang pangangailangan ng pamilya. Kaya naman nabigyan ng pagkakataon ang babae na magtrabaho hindi lamang sa sariling bayan kundi pati sa ibang bansa. Ayon naman sa sulatin ng Bulalat ni Geologo (2019), matagal nang institusyunal ang *labor export* policy ng bansa kung saan bukas at legal ang pagtatrabaho sa ibang bansa ng mga manggagawa sa Pilipinas. Ito umano ang solusyon sa kakulangan ng trabaho sa ating bansa. Makatutulong din umano ang mga ito sa solidong foreign exchange reserves para suportahan ang ekonomiya ng bansa.

**Pang-aabusong Sekswal.** Malinaw din ang naging paglalahad at paglalarawan ni Mabanglo sa iba't ibang pang-aabusong sekswal na pinagdaanan ng persona ni Pinay sa mga tula. Isa ang pang-aabusong sekswal sa mga karanasan na lumutang sa mga akdang tula ni Mabanglo, partikular na rito ang panggagahasa. Ito ang karaniwang naging resulta ng unang karanasan na pangingibang-bansa ng babae sa mga tula. Makikita sa mga sumusunod na saknong ang mga bahaging naglalahad sa karanasan at pakikipagsapalarang ito:

*Ilang buwan pa lamang, ilang buwan,*
*Nang susian ng Arabo ang aking pagitan.*
*Ang silid ko'y isang puting nitso,*
*Kalansay akong walang buto.*
*Naglambitin ang puso ko sa mga baging ng takot,*
*Ang mukha ni Franklin sa dolyar, nalagot.*
*Ilang buwan pa lamang, ilang buwan,*
*Sinagunson ng Arabo ang kinabukasan.*

Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Kuwait

Ang karanasan at pakikipagsapalarang ito ay labis na labis na dagok sa buhay ng Pinay sa mga tula. Ang unang liham mula sa Kuwait ay nagsasaad ng labis na panghihilakbot sa sinapit sa kamay ng Arabo sa bansang kanyang pinagtrabahuhan. Bangungot na maituturing ito sa Pinay lalo pa't siya ay may mga pangarap pa sa buhay, *Sinagunson ng Arabo ang kinabukasan.* Sa iba pang bahagi ng Liham ni Pinay mula sa Kuwait ay makikitang nabuntis ang Pinay at labis na takot ang nadarama sa kung anong kinabukasan ang naghihintay sa kanya gayon din ang pamilyang pinangakuan niya ng pag-ahon sa buhay.

Isa sa mga batas na nangangalaga sa mga OFW ay ang Republic Act 8042 o Migrant Workers and Overseas Filipinos Act ng 1995. Ito ang batas na nangangalaga sa karapatan at proteksyon ng mga migrant workers, kanilang pamilya at OFW na nangangailangan ng tulong. Ito ay inamiyendahan ng Republic Act 10022. Kabilang sa nakapaloob sa batas na ito ay ang siguridad ng mga migrant workers. Mula sa Seksyon 1, (a) dapat itaas ng estado

ang dignidad ng mamamayan nito sa Pilipinas man o sa ibang bansa, lalo na ang mga migrant workers, at sa (e) ang pagbibigay ng libreng serbisyo ng korte at quasi-judicial bodies at iba pang legal assisstance bilang karapatan ng lahat kahit pa sa mahirahirap. Sa pamamagitan nito ang karapatan ng inaaping Filipino Overseas ay maprotektahan.

Bagaman may mga naiuulat na kaso ng rape o panggagahasa kabilang pa rito ang mga nakararanas ng pang-aabuso at pananakit sa mga kababaihang OFW sa ibang bansa ay patuloy na marami ang nagtutungo at tinitingnan ang ibang bansa bilang magandang oportunidad ng pag-unlad. Lumilitaw na ang kailangang pagtuunan ng pansin ay ang mahigpit na pagtuturo at pagbibigay kaalaman sa karapatan ng bawat OFW gayundin ang mga paraan na dapat gawin kapag nakararanas ng karahasan. Ang kaalaman sa pagpapatupad ng tamang proseso ng dapat lapitan at hingian ng tulong ay nangangailangang mabigyang-pansin ng mga ahensyang may kaugnayan na mga migrant workers tulad ng DOLE, OWWA, DFA, POEA at marami pang iba. Maaari ring bigyan ng atensyon ang ugnayan ng Pilipinas sa mga bansang pinupuntahan ng mga OFW upang makabuo ng mas komprehensibong batas na mangangalaga sa karapatan ng OFW, partikular ang kababaihan laban pang-aabuso at karahasan.

**Kahirapan**. Lumilitaw rin sa mga akda ni Mabanglo ang karanasan at pakikipagsapalaran ng mga babae sa kahirapan ng buhay. Bunga nito ang pagpupursige na ring maghanap-buhay at magsakripisyo para kahit papano ay makaahon sa hirap. Ang mga sumusunod ay mga saknong ng tula ng nagpapakita sa karanasan ng mga babae sa kahirapan:

*Umalis akong may udyok ng pangarap*
*252akauw isa galak, maahon sa hirap,*
*Bugnot na palibhasa sa galunggong at kanin*
*At palad na meryendang kamote't saging.*
*Pangarap ko ring maging maybahay*
*Ng isang ginoong guwapo't ginagalang,*
*Maligo sa pabango kung Sabado't Linggo*
*At mamasyal sa parke nang walang agam-agam.*

Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Singapore

Sa saknong ng tula ay makikitang nagnanais ang Pinay na makaahon sa kahirapan. Mula sa, *Bugnot na palibhasa sa galunggong at kanin at palad na meryendang kamote't saging* mahihinuhang nagsasawa na si Pinay sa uri ng buhay mayroon siya na maaaring hindi niya mabili ang anumang naising kainin at nagtiya-tiyaga na lamang sa laging galunggong at kanin sa agahan, tanghalian at haponan, kamote at saka saging naman ang tanging meryenda. Makikitang may mataas na pangarap si Pinay hindi lamang sa ganoong siklo ng buhay. Pangarap niya ring makapangasawa ng may itsura at kagalang-galang upang makaahon rin sa kahirapan, ngunit kung ganoon lamang ang sitwasyon niya'y wala siyang mahihintay, kaya nga siya ay nangibang-bansa. Sa pakikipagsapalaran sa ibang bansa ay hindi biro pa ring kahirapan ang kanyang naranasan mula sa kanyang walang katapusang mga trabaho. Kanyang napagtanto na ang pinapangarap niyang pag-ahon sa kahirapan ay kakambal din nang di matatawarang paghihirap na kanyang susuungin. Ipinakita ng mga babae sa mga akda na sa kabila ng kahirapang dinaranas ay nakahanda silang kumilos upang makaalpas dito. Ang mga babae ay nagpapakita ng pagpupursige, pagsisikap at pag-aako ng mga responsibilidad sa pamilya. Lumilitaw na isa na rin ang mga babae sa nagpapaunlad sa ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng pakikipagsabayan nito sa mga lalaki upang maiangat ang antas ng pamumuhay at kalagayan ng bansa.

Mula sa padalumat ni Gannaban (2011) sa iba't ibang papel ng mga babae sa panitikan, kung saan sa pag-aaral ni Garcia (1976) sa apat na nobela ni Liwayway Arceo, ilan nga sa mga paglalarawan sa mga babae ay ang pagiging matatag, maambisyon at may paghahangad ng masagana at malinis na pamumuhay. Gayundin sa pagtutumbas ni Canares (1990) mula sa pagsusuri sa mga nobela ni F. Sionel Jose, kung saan ang babae ay mapusok, malakas, mapangarap, intilihente, may kakayahang harapin ang anumang hamon sa buhay, walang tigil na kumikilos sa ikaaangat ng katayuan at ikauunlad ng kanyang pamilya.

**Pakikipagrelasyon sa mga Banyaga.** Isa pang karanasan ng mga Pinay ang pakikipagrelasyon at

pagpapakasal sa ibang lahi o banyaga. Nangyayari ito sa iba't ibang kadahilanan ng mga Pinay, nangunguna na rito ang pera o kayamanan para makaahon sa hirap.

*Para lang maleta at package ang tao,*
*Alis-dating, yao't dito.*
*Siya, matiyagang naghihintay.*
*Pag-asang kinipkip ang dalawang taon.*
*Tumiwalag sa lahi't angkang may linggatong,*
*Itiniwala sa Puti ang sakit ng loob,*
*Di na problema ang pera ngayon.*

*Mula sa Pinay sa Sydney Airport*

Sa tulang "Pinay sa Sydney Airport", inilahad na naghihintay ang isang Pinay kasama ang napangasawang puti sa mga pamilya ng babae sa airport ng Sydney sapagkat sa wakas ay nakuha na rin niya sa banyagang bansang iyon ang kanyang pamilya pagkalipas ng dalawang taon. Makikitang kinalimutan nito ang kanyang pinagmulang bayan sapagkat di maikakaila ang maraming suliranin at alalahanin na sa araw-araw ay nakikibaka, maaaring isa rito ay ang kahirapang humanap ng pera at umahon sa buhay dito sa ating bansa. Dahilan ito para ihanap sa mga banyaga ang kapalaran sa buhay at dito ipagkatiwala para matakasan ang kalagayan. *Di na problema ang pera ngayon.* Dito mapatutunayan na ang unang-unang dahilan ng ilan sa mga kababayang Pinay na nakapangasawa ng banyaga ay para makaahon sa kahirapan.

Sa naipahayag sa mga tula, matitiyak na bagaman hindi nilalahat ay marami ang mga Pinay na nagpapakupkop sa ibang lahi o banyaga sa pag-asang makaahon sa buhay at mahila rin ang pamilya sa pag-angat nilang ito. Malimit na ring naisasaisip at nabibigkas ng mga Pilipino kapag nakakakita o nakababalita ng mga Pinay na nakapangasawa ng dayuhan ay nasasabi na "Isa na namang Pinay ang aahon sa hirap!" Marami sa mga kababayang Pinay ang mapapalad na nakahahanap ng totoong kalinga at pag-ibig mula sa mga banyaga subalit marami rin ang hindi pinapalad katulad ng persona sa tula.

Sa bilang ng mga ikinakasal sa mga banyaga mula sa datos ng Philippine Statistics Authority (2019), noong 2018 mayroong 3.5 porsyento ang ikinasal na Pilipino sa mga foreign national na binubo ng 15, 514. Ito ay may 88.1 porsyento ng foreign women at 11.9 porsyento ng foreign men. Sa mga Pinoy na nakapangasawa ng dayuhan, nangunguna ang mga babaeng Australian, sinundan ng American, Canadian, Chinese at Japanese. Sa kabilang banda, sa mga Pinay na nakapangasawa ng dayuhan, nangunguna ang mga lalaking American, sinundan ng Japanese, British, Korean at Canadian. Ayon sa talaan ng Commission on Filipino Overseas (CFO) noong 2018, mas marami ang bilang ng mga babaeng Filipino Emigrants kaysa sa mga lalaki na may bilang na 982,766 samantalang mahigit 1.4 milyon sa mga babae. Lumabas din sa listahan na mas marami pa rin ang mga walang asawang imigrante kaysa sa mga may asawa.

**Pangungulila.** Isa ring karanasan at pakikipagsapalaran ng mga babae sa mga tula ni Mabanglo ay ang pangungulila sa Pilipinas lalo pa't ang mga babae ay nasa ibang bansa bilang OFW. Kabilang na rin dito ang unti-unting impluwensya ng ibang bansa na kanilang niyakap habang nakatira na roon. Mababasa ito sa mga sumusunod na saknong ng tula:

*Pipigtalin ko ang mga araw*
*Na wari'y pumipigtal ng dahon*
*Sa pahina ng panahon.*
*Akala ko'y nagpaalam na ako sa daungan.*
*Nawaglit sa alaala*
*Ang mga pahabol na kaway sa paliparan.*
*Parang bitin ang mga yakapan.*
*Parang sahol ang mga usapan.*
*Parang nagtataboy ang guwardyadong pintuan.*

Mula sa Ako sa Ibang Bansa

Sa saknong ng tulang *Ako sa Ibang Bansa*, inilahad ng Pinay ang kanyang pangungulila sa pamilya at pagmamadali sa mga araw para makauwi na kaagad. Inaalala nito kung paano namaalam ang kanyang pamilya sa

kanya na siyang lalong nagpapalungkot sa kanya. Gaya na lamang ng yakapan at usapan ng pamamaalam sa isa't isa. Sa saknong naman ng tulang Sa Amerika, ang pangungulila naman sa mga nakasanayang gawain sa Pilipinas ang inilahad. Mula sa mga dating pinupuntahang lugar para magliwaliw, mga pagkaing nakagawain sa araw-araw, mga rotinaryo ng buhay niya sa Pilipinas, ang pamilya at ang mga ugaling Pinoy.

Patunay na isa sa mga napakahirap na kinakaharap ng mga kababayang OFW ang pangungulila sa mga mahal sa buhay. Malaki ang impluwensya ng pangungulilang ito sa kalagayang pisikal at mental ng isang tao gayundin ang pagganap sa trabahong kailangang isagawa. Ayon kay Lightbound (2013) sa pag-aaral nito na may pamagat na Psychological Wellbeing of the Helpers: Filipina Domestic Workers in Hong Kong, sinabi nitong ang mga Filipina ay lumalaban sa depresyon at tinatanggap ang kalagayan upang makapag-adjust sa bagong kultura at inaasahan sa kanya sa pananatili sa bansang iyon. Isang tulong na rin ang makabagong teknolohiya ngayon na siyang mabilis na nagagamit bilang komunikasyon sa pamilya upang malaman ang kalagayan at malaman ang mga nangyayari sa sariling bansa. Sa kabila nito, hindi pare-pareho ang kakayahan ng tao sa pag-a-adjust sa mga bagay na bago sa kanya.

Lumalabas na ang pangingibang bansa ng mga Pinay ay hindi lamang kaisipang simpleng pagtatrabaho sa ibang bansa upang makalikom ng salapi kundi lakip din nito ang takot sa pang-aabuso. Kaakibat din nitong dapat paghandaan ay ang pangungulila. Nangangailang maibigay sa kanila ang pang-unawa, suporta at atensyong kailangan ng mga pamilya at kaanak na iniwan habang nasa ibang bansa upang magkaroon ng sandalan sa kanyang emosyonal na kalagayan ng pag-iisa sa ibang bansa para maiwasan ang depresyon na maaaring magbunga ng kawalan ng pokus sa trabaho, pagkakasakit o kaya ay humantong sa pagkabaliw.

*4.2 Ang Estado o Kalagayang Panlipunan ng mga Babae sa Piling Tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo*

**Pagkakapantay sa loob ng tahanan.** Makikita sa mga piling tula ang diskriminasyon sa pagitan ng babae at lalaki lalo pa sa loob ng tahanan. Maituturing na bagaman nagpakita ng diskriminasyon at kaawa-awang kalagayan sa lipunan, partikular sa loob ng tahanan ang mga babae sa akda ni Mabanglo, base sa ilang akda ay mayroon din namang positibo at pagpapakita ng pag-asang alpasan at labanan ang diskriminasyong ito.

*Iyo't iyon din ang lalaking umuupo sa kabisera,*
*Nagbabasa ng diyaryo uma-umaga.*
*Naghihintay siya ng kape*
*At naninigarilyo,*
*Habang kagkag ako sa pagitan ng kuna at libro,*
*Nagpapahid ng lipstick at nagpapatulo ng gripo.*
*Hindi siya nag-aangat ng mukha*
*Umaaso man ang kawali o umiingit ang bata.*
*Hinahatdan ko siya ng brief at tuwalya sa banyo,*
*Inaaliw kung mainit ang ulo.*
*Wala siyang paliwanag*
*Kung bakit hindi siya umuwi magdamag,*
*Ngunit kunot na kunot ang kanyang noo*
*Kapag umaalis ako ng Linggo.*
*Ayaw niya ng galunggong at saluyot*
*Kahit pipis ang sobreng inabot,*
*Ibig pa yatang maghimala ako ng ulam*
*Kahit ang pangrenta'y laging kulang.*

Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Brunei

Sa tula inilahad ni Mabanglo ang sintemyento ng isang asawang babae patungkol sa hindi pantay na kalagayan at responsibilidad sa loob ng tahanan. Nailahad na bagama't may trabaho ang babae at ang lalaki ay wala, sa babae pa rin nakaatang ang mga gawaing bahay at responsibilidad na pagsilbihan ang asawang lalaki at mga anak. *Hindi siya nag-aangat ng mukha Umaaso man ang kawali o umiingit ang bata.* Nagpakita sa tula na walang pakialam ang lalaki sa gawain ng babae sa loob ng tahanan maging sa mga anak kaya't ito ang labis ng hinanakit ng babae sa akda. Malinaw na ang pagtingin ng asawang lalaki sa babae ay para sa tahanan lamang at ang pagsasagawa sa

mga gawaing bahay ay tungkulin lamang na dapat sa kanya. Ganito man ang sitwasyon, nagpakita pa rin ng katangiang responsable, maalaga at mapagtimpi ang babae sa tula.

Bilang lapit at lapat ng mananaliksik na bahaging ito ng tula, makikitang bagaman unti-unti nang kinikilala ng lipunan ang babae bilang mahalagang salik sa ekonomiya at lakas-paggawa ng bansa, nananatili pa rin ang tradisyonal na imahe nito partikular sa tahanan bilang tagapag-alaga ng pamilya at tagasilbi sa asawang lalaki. Lumilitaw tuloy ang pag-abusong ekonomiko at emosyonal sa mga babae. Nagtatrabaho sila para sa pamilya sa halip na nagtutulungan sila ng asawa, dagdag pa ang kawalan ng suportang emosyonal ng asawa dahil sa babae pa rin nakaatang ang gawaing pantahanan na maaari rin namang gampanan ng lalaki bilang suporta. Sa pagpapatuloy ng tula ay mabibigyan ng pagsusuring ang babae ay mulat na sa dapat na katayuan nito sa tahanan at lipunan. Nagpapakitang ang mga babae ay may bukas nang isipan sa tungkulin nito sa loob ng tahanan na maaari ring isagawa ng lalaki bilang pagtutulungang kailangan ng mag-asawa. Gayundin na alam ng mga babae na may kalayaan silang isagawa ang bagay na sa tingin nila ay makapagpapaunlad sa kanilang sarili at pamilya at para patunayan ang kakayahan sa lipunan.

Sumasang-ayon ito sa pag-aaral ni Dials (2017), kung saan inilahad niyang ang mga babaeng Pilipino ngayon ay hindi na naniniwala sa tradisyonal na ang babae ay sa tahanan lamang bilang ina at asawa. Ipinahayag niyang namulat na ang mga Pinay, alam na nila ang kanilang kailangan at ang pangangailangan ng lipunan sa kanila bilang babae at bahagi ng lipunan. Ayon pa kay Dials, ito ay bunga ng kontemporaryong imahe ng mga manunulat ng panitikan sa mga babae. Ang modernong Pinay ay tinitingnang kapantay na ang sarili sa mga lalaki na may kakayahang makapag-ambag sa mundo at hindi na nagpapahuli. Maaaring isang dahilan ng unti-unting pagkamulat ng mga babae ay ang pagbibigay na rin ng boses at mga batas na proteksyon ng mga babae laban sa pang-aabuso ng lalaki. Isa na rito ang Anti-Violence Against Women and Children Act ng 2004 o RA 9262, ito ay para bigyan ng proteksyon ang mga kababaihan at kanilang mga anak na nakararanas karahasan at pang-aabuso, partikular na ang Sikolohikal na Karahasan kung saan ito ay gawain o di-paggawa na nagdudulot ng paghihirap sa isip o damdamin ng babae at anak nito na siyang pinagdaraanan ng babae sa tula.

Sa pag-aaral pa rin ni Gannaban (2011), inilahad niya mula sa pagsusuri ni Recto (1995) na bagamat litaw ang opresyon sa mga kababaihan sa lipunang patriarkal, namulat ang mga kababaihan dito. Inilarawan umano ng mga manunulat ang babae bilang matatag, malakas, puno ng pag-asa, marunong lumaban sa mga pagsubok sa buhay at mapagtimpi. Ayon pa rin kay Gannaban (2011), itinuring umano ni Betty Friedan (1963) na ‘feminine mystique’ o isang katuparan ng pagkababae ang mapanatili sa kanila ang mga gawaing-bahay, pagluluto, paglilinis ng baha, paglalaba at panganganak. Ito umano ang hulwaran na dapat sundin ng kababaihan nang hindi mawala ang kanilang pagkababae. Subalit, pinabulaanan ito ni Canares (1990) sapagkat matutupad lamang umano ito sa aspektong ‘sexual passivity’: male domination at nurturing.

**Partisipasyon sa Ekonomiya.** Nailahad na halos may mga hanap-buhay o trabaho ang mga babae sa mga akda ni Mabanglo maging noong hindi pa sila nangibang-bansa. Ito ay taliwas na sa tradisyonal na pagpapakahulugan sa mga babae na sila ay para sa tahanan lamang. Subalit nailahad ding hindi sapat ang kanilang kinikita at naghanap ng ibang paraan para makaahon sa hirap gayundin para takasan ang mahirap na kalagayang iniatang sa kanila bilang babae sa loob ng tahanan.

Iba-iba ang mga trabahong isinagawa ng mga babae sa mga akda, ngunit partikular kung sa propesyon ay pagiging guro ang karaniwan.

*Lampas na ako ng tatlumpu*
*At sinusuri ang pagiging guro.*
*Uma-umaga, sa paglakad,*
*Kinakambatan ako ng di maulatang paghahanap.*
*Dati't dating landasing binubuglawan*
*Ng mukha't tanawing karaniwan:*
*Mga lagas na dahong tinipon ng walis sa sulok*
*O inilipad na palayo ng hanging bumugso,*

*Masisigla't makukulimlim na matang*
*Nayuyungyungan ng duklay,*
*Mga musmos na walang balino't*
*Bating kinukusa't walang malay.*

Mula sa Awit ni Apolinaria

Sa mga tula, malinaw na nailahad na guro ang kanilang propesyon subalit sa pagpapatuloy ng pagpapahayag sa tula ay mababasang hindi masaya o kontento ang mga babae sa propesyong ito. Sa unang tula, mauunawang nagsasawa ang babae sa pang-araw-araw na rotinaryo ng kanyang pamumuhay, inilahad din ditong siya ay lagpas na ng tatlumpo. Sa pagpapatuloy pa ng tula ay makikitang naghahanap ng katuparan ang babae sa tula ng kanyang pagkatao bilang isang babae. Nagpapakita siya ng pagkabahala sapagkat lagpas na sa kalendaryo ang kanyang edad ngunit wala pa siyang asawa. Sa ikalawang tula, ang babae ay isang guro, asawa at ina subalit napapahayag din ng pagkabagot sa kanyang gampanin bilang isang babae. Sa inilahad na kalagayan, trabaho niya ang pagluluto, paglalaba at pagsisilbi sa pangangailangan asawa at anak. Sa araw-araw ay ito kanyang ginagawa at nagpahayag na ng pagsasawa lalo pa at ang asawang lalaki ay nakikita niyang hindi ganito ang kahirap ng responsibilidad mayroon. Ang pagiging guro ay propesyong nangangailangan ng ibayong kasanayan, pagsisikap at mahabang pasensya para maisagawa ang trabaho para sa mga mag-aaral. Isang malaking pagsubok kapag idaragdag pa ang responsibilidad bilang isang ina at asawa, kung saan ang ina ang siyang inaasahan sa pagsasagawa sa mga gawaing bahay katulad ng pagluluto, paglilinis, paglalaba, paghuhugas ng pinagkainan at iba pa. Bilang lapit at lapat ng mananaliksik sa mga tula, iniugnay ng manunulat ang mga babae sa propesyon ng pagiging guro. Ang propesyong guro ay akmang-akma sa paglalarawan sa mga babae bilang isang ina na maalalahanin, maalaga, malambing at matiyaga na katangiang kailangan sa pagtuturo ng isang bata. Kung kaya hindi rin maikakailang hanggang sa kasalukuyan ay maraming kabataang babae ang kumukuha ng propesyon sa pagiging guro. Lumilitaw rin na ang mga babae ay nabigyan na ng pagkakataon sa edukasyon, nakapagtatapos sa propesyon at nakapag-aambag sa ekonomiya ng bansa.

Patunay rin nito ang pag-aaral nina Camaya at Tamayo (2018), kanilang sinuri ang pagbabago sa tradisyonal na gender roles ng mga babae ng tribong Kalanguya sa Capintalan, Carranglan. Lumabas sa pag-aaral nilang ang tradisyonal na gawain ng babaeng Kalanguya ay ang pagkakaingin, partikular ang pagtatanim at pag-aani ng mga produkto katulong ng asawa/magulang. Sa edad na anim ay tinuturuan na ang mga babaeng Kalanguya ng gawaing ito bilang preparasyon. Subalit sa kasalukuyan, hindi na Pagkakaingin ang bumubungad na gawain sa mga batang babaeng Kalanguya kundi mas binibigyan na ng importansya ang edukasyon at pagtulong sa komunidad. Natuklasan ding karamihan sa mga batang babae ay nangangarap na maging guro para makatulong sa kinabibilangang komunidad.

**Biktima ng Kahirapan.** Maituturing na isang biktima ng kahirapan sa bansa ang mga babae mula sa tula ni Mabanglo. Nailahad ang pag-aalala ng Pinay sa akda ni Mabanglo sa maaaring panghuhusga at pagturing ng lipunan sa kinahinatnan sa mga akda. Hindi naiiwasang isipin ng Pinay ang maaaring sabihin ng lipunan sa kanyang aksyon at kinahahantungan.

*Manhik ko'y huwag na itong ipagmakaingay,*
*Ano na lang ang sasabihin ng mga kapitbahay--*
*Sasalida rin la'y bakit pa dumayo*
*Bukas naman ang Mabini kahit may bagyo.*
*Natutulog akong unan ang naiipong yen,*
*Babalik akong mayabang kung pababalikin.*

Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Japan

Ito nama'y patungkol sa pag-aalala ng Pinay sa maaaring sabihin ng lipunang ginagalawan sa kanyang masaklap na kinahantungan ng pagiging bayarang babae sa ibang bansa. Makikitang tinanggap ng Pinay ang kanyang naging kalagayan bagaman hindi ito ang kanyang inasahang trabaho ngunit kahit mahirap at hindi makatao, ang kapalit naman nito ay ang limpak na Yen na kanyang kinikita. Iyon nga lamang at baka malaman ng kanilang mga kapit-bahay at sabihing maaari naman niyang gawin ang trabahong iyon sa sariling bansa ngunit siya ay lumayo pa.

Bilang lapit at lapat na analisis ng mananaliksik, malinaw na naging biktima ang babae sa akda ng illegal recruitment kung saan taliwas ang trabahong ipinangako sa kanya ang ipinapagawa. Lumilitaw tuloy na marami pa ring Pilipino ang nabibiktima ng illegal recruitment na maaaring dahilan ng kawalan ng sapat na impormasyon sa usapin ng pangingibang bansa. Mahalagang paigtingin at mabigyan ng ngipin ang batas na may kaugnayan dito lalo na ang RA 10022 kung saan nagbibigay ng kaparusahang pagkakabilanggo ng 12-20 taon at multang 1-2 milyong piso sa sinumang magsasagawa nito. Sa kabilang banda, masasabing karamihang biktima ang kababaihan sa kahirapan sapagkat ang kahirapan ang karaniwang dahilan sa pagkakasadlak sa prostitusyon ng kababaihan. Kaugnay nito, patunay na hindi pa rin nawawala ang pagtingin sa babae bilang isang instrumento na maaaring rentahan at bayaran. Sa Pilipinas ay hindi lingid na marami ang pumapasok sa ganitong pagkakakitaan lalo pa at mayroon na rin ito sa online. Hindi ito tanggap ng lipunang Pilipino at itinuturing na krimen sapagkat ito ay iligal sa batas, subalit sa kabilang banda'y makikita ring biktima mismo ng lipunang salat ang kababaihang pumapasok sa trabahong ito.

Ayon kay John Lorenz Santos (2020), sinabi niya na dahil isang "taboo" at krimen ang sex work sa bansa, nakararanas ng diskriminasyon at pang-aabuso ang mga sex workers partikular na mga babae. Napag-alaman niya base sa pakikipanayam sa mga sex worker na iisa ang dahilan ng ilang mga sex worker kung bakit pinili ang ganitong trabaho, ang kahirapan. Sila man ay nakararanas ng pang-aabuso sa kanilang mga kostumer gaya ng pananakit at hindi sapat na bayad o sweldo ay wala silang magawa. Madali itong gawin umano sa kanila sapagkat ang kanilang trabaho ay itinuturing na iligal at walang batas na proteksyon para sa kanila. Taliwas naman ito sa Editoryal ng Philstar Global (2002) sa usapin ng legalisasyon ng illegal na prostitusyon, kapag naisagawa ang legalisasyon nito baka umano hindi na maghanap ng anomang marangal na trabaho ang marami at gugustuhin na lamang nilang "magputa". Sinabi rin nila na hindi na lamang gawain ng kababaihan ang prostitusyon kundi marami na rin kalalakihan ang nagsasagawa ng gawain ito. Pabata nang pabata na rin ang kumakalakal sa laman mula 14 anyos hanggang 20. Dapat umanong ang isagawa ng DOLE ay ang paglikha ng maraming trabaho kaysa sa legalisasyon ng "pagpuputa".

*4.3 Ang mga Papapahalagang Panlipunan na Pinalilitaw sa Piling Tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo*

Ang mga sumusunod ay mga pagpapahalagang panlipunan na lumitaw sa piling tula ni Mabanglo:

**Pamilya Bilang Pangunahing Tuon ng Atensyion.** Maituturing na isa sa mga pangunahing pagpapahalagang panlipunan na lumitaw sa mga piling akda ni Mabanglo ang patungkol sa kahalagahan ng pamilya mula sa mga personang babae ng mga piling tula. Natukoy ang tatlong paksang nagpapakita tungkol sa pagpapahalagang ito.

*Pag-ahon sa Hirap ng buong Pamilya*. Isang pagpapatunay na pamilya ang sentro ng buhay ng mga Pilipino ay ang kagustuhang makatulong ng mga babae sa pamilya upang makaahon sa kahirapan.

*Inilalakip ko rito ang kaunting halaga,*
*Pag-initin agad sa pagas na bulsa.*
*Kalimutan muna ang nasang sinimpan*
*Pag-asuhing madali ang palayok at kalan.*
*Samantala'y ipagdasal nang taos at taimtim,*
*Matagalan ko ang hirap at saklot nang panimdim;*
*Tumibay akong kasabay ng siyudad*
*Bago mamanhid ang isip at puso'y tumigas.*
*Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Singapore*
*Ako ba'y masisisi?*
*Hinangad kong pagkakatao'y mabusisi*
*Tulad ng ritwal sa batya't kawali.*
*Inako kay Inang ang dingding na butas,*
*Ipinangako sa kapatid ang maningning na bukas.*

Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Hongkong

Mula sa mga nakaraang pagtalakay sa taludtod ng mga tula lumilitaw ang pagpapahalaga ng mga babae sa pamilya at ang tungkulin dito, isa man siyang anak o magulang. Nakita sa mga naunang bahagi ng pagsusuri na

nakararanas ng kahirapan at hindi kontentong sa buhay ang mga babae sa akda kung kaya nangibang bansa.

Bunga ng kahirapan namulat ang babae sa dapat isagawang kilos upang makaalpas sa hirap kasama ang pamilya. Dito makikita ang kahalagahan ng utang na loob sa pamilyang Pilipino kung saan hindi kinalilimutan ng mga Pilipino ang pagsusubali sa hirap ng pagpapalaki ng magulang. Maituturing na kalakip ng pangarap na pagsasabing umahon sa hirap, ang kasama ang pamilya ng mga Pilipino. Subalit, lumilitaw ring nagiging isang malaking responsibilidad na pilit iginagapang ang ganitong kaisipan. Maituturing na isang katuparan ng gampaning pampamilya ang makatulong sa magulang o pamilya ngunit isa ring kalabisan ang maiatang ang buong responsibilidad ng pag-unlad ng pamilya na siyang nagiging siklo sa buhay ng mga Pilipino.

Ayon kina Rungdin, et al (2016) ang leybel ng pasasalamat ay minsa'y naiiba at hindi nauunawaan. Ito umano ay malinaw sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan. Gamit ang konsepto ng utang na loob sa pasasalamat, natutulungan nito ang lipunan na magkaroon ng matibay na alituntunin sa proseso ng pasasalamat. Gayunpaman, inilahad ni Cohen (2006) na ang pagkakautang ay hindi laging negatibo, bagkus maaari itong maging positibo ayon sa pagpapakalugan ng kultura.

*Pagpapahalaga sa Kinabukasan ng Anak.* Isa pang patunay sa kahalagahan ng pamilya ang litaw sa akda ay ang pagpapahalaga sa kinabukasan ng anak.

*Pamaya-maya'y tatlong paslit*
*Ang nasagasaan ng tinig.*
*"Betbet! Myrna! Inay!"*
*Kilik ng matanda ang pinakabunso,*
*Pasusuhin ito nang siya'y lumayo.*
*Hindi mag-abot sa isang yakap ang lima,*
*Nagsasanib ang luha ng makakita.*
*Kilala pa ba n'yo 'ko, mga anak?*
*Ang mukha ng babae'y pigtang-pigta.*
*Di magkamayaw ang halik at yakap*
*Sa tatlong musmos na nag-aapuhap.*
*Mula sa Pinay sa Sydney Airport*
*Ilang buwan na lamang, ilang buwan,*
*Isang bantayog ang mahuhugot sa aking pagitan.*
*Isang sanggol na babae o lalaki,*
*Piping kumikibot ang labi*
*Habang umaamot ng hangin sa disyertong paligid*
*O sumisimsim sa tuyot kong dibdib.*

Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Kuwait

Magkaiba mang sitwasyon ang kinaharap ng Pinay sa dalawang tula, iisa namang makikita ang pagpapahalaga at pagmamahal sa mga anak. Ang unang ina ay nawala'y sa mga anak ng ilang taon subalit hindi niya hinayaang hindi niya ito makuha sa ibang bansa kung saan doon na niya makakasama ang mga anak. Ang ikalawa ay pag-aalala ng isang ina sa magiging kinabukasan ng kanyang anak gayong siya bilang ina ay nawalan na ng direksyon ang buhay.

Isang responsibilidad ng isang magulang ang magsikap at isipin ang magiging buhay ng anak sa mga darating na panahon. Maituturing itong dahilan ng pagsisikap sa trabaho at buhay ng mga Pilipino. Isa rin ito sa mga nakikitang dahilan ng karamihang mga Pilipino sa pangingibang-bansa, upang mapag-aral ang mga anak para sa kanilang kinabukasan. Mahihinuhang itinuturing ng mga Pilipino ang mga anak bilang isang kayamanan na dapat bigyan ng magandang buhay. Gayundin ang pagpapahalaga sa edukasyon na itinuturing ng mga Pilipino bilang susi upang mas magkaroon ng magandang kinabukasan. Lumilitaw tuloy ang malaking responsibilidad na dapat gampanan ng isang magulang sa kanyang anak na hindi dapat ipinagsasawalang bahala. Dito nangangailangan nang mas komprehensibong paghahanda sa pagiging isang magulang sa mga gampanin at kailangan ng magiging anak. Mula sa pag-aaral ni Umberson, et al. (2010) natuklasan na may kaugnayan ang buhay ng magulang at anak kung saan ang relasyon ng dalawa ang mananatiling maimpluwensya sa kabuuan ng buhay. Ang maayos na

samahan ng anak ay nakabase sa kalagayang mental ng magulang, idagdag pa na nakasasalalay din sa magulang ang pagkabigo o pagtatagumpay ng anak sa kanyang angkop na gampanin sa lipunan. Kung gayon, mahihinuhang ang kagustuhang maging maayos ang kinabukasan ng anak ay nangangahulugan ding pangangailangan ng pagiging handa sa responsibilidad lalo pa't nakasalalay sa magulang ang tagumpay ng isang anak.

*Pagkakaroon ng Makakasama sa Buhay*. Lumilitaw rin sa mga piling akda ang kahalagahan ng pagkakaroon ng makakasama sa buhay o asawa.

*Pangarap ko ring maging maybahay*
*Ng isang ginoong guwapo't ginagalang,*
*Maligo sa pabango kung Sabado't Linggo*
*At mamasyal sa parke nang walang agam-agam.*
*Mula sa Liham ni Pinay Mula sa Singapore*

Mula sa Awit ni Apolinaria

Mula sa mga piling tula ay lumilitaw ang kapwa paghahangad ng makakasama sa buhay. Ang una ay isang babaeng nangangarap ng isang lalaking nagtataglay ng katangiang naaayon sa pinapangarap. Samantalang ang ikalawa ay isang babaeng takot sa pag-iisa sa kawalan ng asawang makakatuwang sa buhay.

Nagiging kaugnay pa rin ng pagpapahalagang ito ang pagpapahalaga sa pamilya. Ang pagnanais ng pagkakaroon ng sariling pamilya na makakasama sa buhay. Isa itong pagpapatunay sa katangian ng mga Pilipino bilang *family-oriented.* Kung minsa'y nagiging tampulan ng tukso sa lipunang Pilipino ang hindi pagkakaroon ng makakasama sa buhay o asawa. Sapagkat umiiral pa rin ang kaisipang ang bawat isa ay naitakdang magkaroon ng makakasama sa buhay, bagaman may mga babaeng nagnais at piniling mag-isa dahil sa iba't ibang kadahilanan. Ayon kina Escarieses at Jimenez (2017) sa pag-aaral nila patungkol sa karanasan ng mga *Filipino Single Elderly Women* (FSEW), bilang single ay maituturing ring magandang desisyon sa buhay. Ang kalagayan sa kawalan ng asawa at anak ay hindi naging hadlang upang magbigay ng positibong pagtingin sa buhay ng mga FSEW. Ayon naman kay Fajardo (2014) sa pakikipanayam sa mga Single Career Women, ang kanilang ginagawa upang malabanan ang lungkot sa kanilang pag-iisa sa buhay ay ang matibay na pananampalataya sa Panginoon, matibay na samahan ng pamilya, pagkakaroon ng mabubuting kaibigan, pag-aalaga ng hayop (aso, pusa) at oportunidad na makapaglakbay sa ibang lugar.

**Bayanihan ng mga Pilipino.** Isa ring pagpapahalagang panlipunan ang nakita sa mga piling tula ni Mabanglo ang pagiging matulungin at pagkakaisa ng mga Pilipino.

*Ngayon*
*Ipinagdiriwang ko ang salakay ng kamalasan--*
*Hinahanap ko ang mga kababayan saanman:*
*Sumasama/Nakikisama sa mga pista,*
*Humihingi/Nagbibigay ng tulong kung may binagyo*
*O nilindol na ka-Pilipino;*
*Nagmumura kung nagwawalambahala ang gobyerno;*
*Nakikilamas ng pitsa ng madyong*
*Saanman makakita ng pagkataon.*

Mula sa Sa Amerika

Sa tulang ito ni Mabanglo, makikita ang pananatiling buhay ng pagka-Pilipino ng persona kahit pa siya na ay nasa ibang bansa. Inamin niya ring unti-unting nagbabago ang kanyang mga nakakagawian gayundin ang kanyang mga anak subalit naghahanap siya ng paraan upang hindi tuluyang mabura ang kanyang alaala ng pagiging Pilipino dahil sa impluwensya ng bansa kung saan na siya nakatira.

Makikitang bagaman maraming Pilipino ang naninirahan na sa ibang bansa, marami pa rin ang hindi nakalilimot na tanawin ang mga pamilya, kababayan at pinagmulang bansa. Patunay nito ang mga Pilipinong nasa ibang bansa na nagpapadala at nagbibigay ng tulong sa mga kababayang nasasalanta ng mga kalamidad sa Pilipinas. Mayroon din namang mga organisasyon sa ibang bansa ang mga Pilipino kung saan dinadamayan at tinutulungan ang mga nangangailangang kababayan na nasa ibang bansa. Lumilitaw na kahit saan magpunta naghahari pa rin

ang Bayanihang katangian ng mga Pilipino at nagmamalaki sa kanilang pinagmulang bansang Pilipinas. Ayon kay Roma ng Commission on Filipinos Overseas (2008), ang pakikibahagi ng mga kababayang Pilipino sa ibang bansa sa LINKAPIL (Link for Philippine Development Program) ay isang patunay sa matibay na samahan at pagkakaisa ng mga Pilipino. Naitatag ang LINKAPIL noong 1990 na naglalayong makatulong sa mga kababayang Pilipino sa ibang bansa o magbigay donasyon sa mga Pilipino at iba pang proyektong pangkaularan ng gobyerno.

## 5. Implikasyon at mga Rekomendasyon

Mahalaga ang panitikan at makabuluhan ang pagsusuri nito sa pagsulong ng lipunang Pilipino. Nagsisilbi itong talaan ng iba't ibang karanasan, kaisipan, prinsipyo, kultura, at kasaysayan—kabilang ang mga kabiguan, kabuktutan, at suliraning kinakaharap ng isang lahi. Sa partikular, matapat ang Panitikang Filipino sa pagbubunyag ng mga realidad at isyung panlipunan ng mga Pilipino. Ang mga piling tula ni Ruth Elynia S. Mabanglo ay malinaw na salamin ng patuloy na pakikibaka ng mga kababaihan para sa pantay na pagkilala ng lipunan sa kanilang kontribusyon sa pagsulong ng bansa.

Kritikal ang mga natuklasan sa pananaliksik na ito sapagkat inilalantad nito ang mga masalimuot na karanasan ng mga Pinay *Overseas Filipino Workers* (OFWs), partikular sa usapin ng karahasang sekswal at mga suliranin sa kalusugang mental na mag-isa nilang kinakaharap sa ibang bayan. Sa kontekstong panlipunan, ipinapakita nito ang mga talamak na problemang nangangailangan ng agarang tugon; ang tumataas na bilang ng mga Pinay OFW na inaabuso ay dapat nang matuldukan sa pamamagitan ng mga konkretong solusyon. Bukod dito, binibigyang-diin ng pag-aaral ang pangangailangan para sa mas angkop at sistematikong suporta sa kalusugang mental ng mga manggagawa. Sa antas naman ng pamilya at komunidad, ang mga ganitong pagbubunyag ay naglalayong magpalawak ng kamalayan upang higit na pahalagahan at unawain ang mga sakripisyo at pinagdaraanan ng kanilang mga kapamilyang nakikipagsapalaran sa ibang bansa.

Para sa mga guro ng panitikan, makabuluhan ang pagtatampok ng mga akdang kumikilala sa pakikibaka ng mga kababaihan upang mabuwag ang nakagawiang patriyarkal o peministang pagkiling sa kurikulum. Ang ganitong mga teksto ay nagsisilbing lunsaran upang suriin, hamunin, at sitahin ang mga tradisyonal at mapang-aping paniniwala sa kasarian sa bansa. Dagdag pa rito, nagiging daan ito upang pagnilayan ng mga edukador ang kanilang sariling mga personal na pagkiling tungo sa pagtataguyod ng isang higit na demokratiko at inklusibong dulog sa pagtuturo.

Sa antas naman ng mga mag-aaral, ang pagtalakay sa mga babasahing nagtatampok sa pakikipagsapalaran at lakas ng mga kababaihan ay instrumental sa paghubog ng mga pangkalahatang prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, anuman ang kasarian. Ang paggamit ng peministang empirisismo at dulog sa panitikan ay hindi lamang nagpapatalas ng kanilang kritikal na pag-iisip, kundi nagpapalalim din ng kanilang empatiya sa iba't ibang mukha ng karanasang Pilipino. Samakatuwid, mariing itinataguyod ang pagtuturo ng panitikan gamit ang mga makababaeng akda ni Ruth Elynia S. Mabanglo.

## 6. Sanggunian

Acala, M. T. (2026). Kontribusyon ng kababaihan sa paghubog ng lipunang Pilipino: isang komparatibong pagsusuri. *International Journal of Research Studies in* Education, *15*(14), 171-177

Aguya, H. J. (2013). The Filipino woman: A gendered history. *The Mindanao Forum, 21*(1), 102-121.

Arogante, J A. (2012). Retorika: masining na pagpapahayag. National Book Store.

Bernardo, R. M. (2018). Babaeng OFW nangunguna sa dami. Pilipino Star Ngayon. https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2018/03/17/1797679/babaeng-ofw-nangunguna-sa-dami

Camaya, Y.I. and Tamayo, G.L. (2018) Indigenous peoples and gender roles: The changing traditional roles of women of the Kalanguya tribe in Capintalan, Carranglan in the Philippines. *Open Journal of Social Sciences*, 6, 80-94.

Camba, M. N. (2012). Panitikan ng Pilipinas: Rehyunal, Kasaysayan at Pagpapahalaga. Mutya Publishing House, Inc.

Commission on Filipino Overseas. (2018). Philippine Emigration at a Glance. https://cfo.gov.ph/statistics-2/

Dials, J. G. (2017). Feminism in Philippine mainstream short stories in English. *International Journal of Languages, Literature and Linguistics*, *3*(4), 181-188.

Escarieses, D.T. and Jimenez, E.F. (2017). An exploratory study on the life experiences of Filipino single elderly women. *Humanities and Social Sciences Review*, *12*(2), 121-136.

Fajardo, M. N.    (2014). Life experiences of single career women: their views, challenges, and coping mechanism. *The Summit Journal*.

Gannaban, M. F. E. (2011). Isang dosenang pagdalumat -feminismo sa mga piling akda. *Dalumat E-Journal*, 2(2), 112-127.

Geologo, F. A. (2019, Nobyembre 20). Overseas Filipino Worker (OFW) sa kasaysayan. Bulalat. https://www.bulatlat.com/2019/11/20/ofw-sa-kasaysayan/

Jose, M. D. (2012). Imahen ng kababaihan sa mga piling epikong Filipino. *Dalumat Journal, 3*(1-2), 98-102.

Lightbound, S. M. (2013). Psychological wellbeing of the helpers: Filipina domestic workers in Hong Kong. *Alliant International University*.

Liwanag, L. M. A. L., Demeterio, F. P. A., San Juan, D. M. M., Ferrer, R. A. M. C., Hernandez, J. K. R. Q. (2024). Ilang malinaw na mga negatibong imahen ng mga pilipino sa pelikulang Elcano & Magellan: The first voyage around the world. *Dalumat, Multikultural at Multidisiplinaryong E-journal sa Araling Filipino, 10*(1), 1-28.

Macawili, R. A. (2020). Katawang babae at imahenaryo ng nasyon. *Tala: An Online Journal of History, 3*(1), 80—98.

Nkansah, J. N. (2023). Using feminist theory as a lens in educational research. *American International Journal of Contemporary Research, 13*(1), 1-7.

Padiwan, R. V. R. (2024). Silip sa danas nina Maria Magdalena: Sipat-suri sa isyung prostitusyon sa akda ni Fanny A. Garcia. *International Journal of Research Studies in Education, 14*(6), 247-264.

Panganiban, J. V. (2010). Panitikan ng Pilipinas: Binagong Edisyon. Rex Book Store.

Philippine Statistics Authority. (2019, Nobyembre 29). Marriages in the Philippines, 2018. https://psa.gov.ph/content/marriages-philippines2018#:~:text=There%20were %20433%2C141%20marriages%20(96.4,and%2011.9%20percent%20foreign%20men.

Philippine Statistics Authority. (2020, Disyembre 3). Employment Situation in October 2020. https://psa.gov.ph/statistics/survey/labor-and-employment/labor-force-survey/title/Employment%20Situation%20in%20October%202020

Philippine Statistics Authority. (2020, Hunyo 4). Total Number of OFWs Estimated at 2.2 Million. https://psa.gov.ph/content/total-number-ofws-estimated-22-million

PhilstarGlobal. (2002, Marso 10). Editoryal - Kapag naging legal ang prostitution. https://www.philstar.com/opinyon/2002/03/10/153367/editoryal-kapag-naging-legal-ang-prostitution

Ragma, F. at Molina J. (2018). Angst of warriors: The fears of Overseas Filipino Workers. ResearchGate. *Unpublished Thesis*

Roma, G. M. R. (2008). Keeping the bayanihan spirit alive the link for Philippine development program. Archīum Ateneo. Ateneo de Manila University.

Rungdin, T., Rungduin, D. C., Aninacion, J. G., Catindig, R. B. Jr., & Gallogo, Lemuel S. (2016). The Filipino character strength of utang na loob: exploring contextual associations with gratitude. *International Journal of Research Studies in Psychology,* 5(1), 13-23.

Santos, John Lorenz (2020, November 7). Ang boses ng pokpok. Opinyon-Youth. https://www.rappler.com/voices/ispeak/opinion-the-voice-of-the-prostitute

Tugano, A. C. J. (2017). Ang kababaihan ng katipunan, ang katipunan sa kababaihan: Isang diskurso sa ambag ng mga babae sa himagsikang Pilipino. *Saliksik E-Journal*, *6*(2), 97-154.

Umberson, D., Pudrovska, T., Reczek, Corinne. (2010). Parenthood, childlessness, and well-being: A life course perspective. *Journal of Marriage and Family*. 72(3), 612-629.

Viacrucis, F. (2024). Pagsusuring feminismo sa mga tula ni Ruth S. Mabanglo. *International Journal of Research Studies in Education, 13*(2), 63-72.

Villafuerte, Patrocinio (2009). Ang Panitikang Filipino. Rex Book Store.